



Republic of the Philippines
Department of Education



K86-6

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 325, s. 2008

JUL 09 2008

**ORYENTASYON SA BAGONG GABAY SA ORTOGRAPIYA
NG WIKANG PAMBANSA**

Sa mga: Direktor Panrehiyon
Direktor Pangkawanihan
Tagapamanihala ng mga Paaralan

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) sa pakikipagtulungan sa Kagawaran ng Edukasyon at Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon ay magtataguyod ng Oryentasyon sa Bagong Gabay sa Ortograpiya ng Wikang Pambansa. Ito ay gaganapin sa Bulwagan ng Karunungan, DepED Complex, Meralco Avenue, Pasig City sa sumusunod na magkahiwalay na petsa:

- a. Hulyo 14, 2008 – DepED Personnel
- b. Hulyo 24, 2008 – CHED Personnel


2. Layunin nito na: a) maihaharap sa mga stakeholder ang pinal na burador ng gabay sa ortograpiya ng wikang pambansa; at b) maipapaliwanag ang kabuuang gabay na binuo ng komite sa ortograpiya.

3. Ang dapat dumalo sa komperensyang ito ay ang mga panrehiyon at pansangay na superbisor sa Filipino, kinatawan ng Kawanihan ng Sekundarya at Elementarya, kinatawan ng kurikulum at kinauukulang opisyal o kawani ng Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon, mga piling aanyayahan ng KWF mula sa mga organisasyong pangwika, kolehiyo at unibersidad.

4. Libre ang rehistrasyon. Ang pagkain (1 tanghalian at 2 meryenda) ay sagot ng Komisyon sa Wikang Filipino. Ang pamasaha sa pagdalo sa komperensya at pabalik sa lugar ng pinanggalingang tanggapan o paaralan ay masisingil sa pondong lokal at sasailalim sa kaukulang pagtutuos at pag-aawdit.

5. Mangyaring magpadala ng reserbasyon o tumawag sa telepono blg. (02) 736-2525 lokal 107 at 116 kanino man kina: Dr. Leticia F. Macaraeg; Dr. Candelaria Cui Acas at Gng. Elvira B. Estravo.

6. Hinihiling ang daglian at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito sa mga kinauukulan.


RAMON C. BACANI
Pangalawang Kalihim
Punong Tagapamahala

Sanggunian: W a l a
Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CONFERENCES

Learning Area, FILIPINO

OFFICIALS